

Pagpapatibay ng mga Proteksyon para Maiwaksi ang Diskriminasyon at Pagsusulong ng mga Karapatang Sibil sa Pangangalagang Pangkalusugan sa pamamagitan ng Seksyon 1557 ng Affordable Care Act: Dokumentong Impormasyon

Ang sumusunod ay nagbibigay ng nakabuod na impormasyon, hindi ng anumang independiyenteng interpretasyon sa Seksyon 1557; ginagabayan ang mga mambabasa sa pinal na panuntunan mismo para sa buo at kumpletong pagbigkas sa mga nilalaman nito.

Ang Department of Health and Human Services (HHS) ay naglabas ng pinal na panuntunan upang maisulong ang pagkakapantay-pantay sa kalusugan at mabawasan ang mga pagkakaiba-iba sa pangangalagang pangkalusugan. Ipinagbabawal ng [Seksyon 1557 ng Affordable Care Act](#) (ACA) ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan sa anumang programa o aktibidad sa kalusugan na tumatanggap ng Federal na tulong pinansyal, nakabatay sa Estado na mga Palitan ng segurong pangkalusugan at mga programa at aktibidad sa kalusugan ng HHS, at isa ito sa mga pinakamabisang kasangkapan ng pamahalaan upang matiyak ang kawalan ng diskriminasyon sa pag-access sa pangangalagang pangkalusugan. Ang panuntunang ito ay nagbibigay ng paglilinaw sa Seksyon 1557 at tutulong sa pagtitiyak na walang diskriminasyon sa pag-access sa pangangalaga para sa lahat, kabilang ang mga kababaihan, mga taong may kapansanan, mga taong LGBTQI+, mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles (limited English proficiency, LEP), mga taong may kulay, at mga tao na anuman ang edad. Kung naniniwala ka na nadiskrimina ka o ang ibang partido batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan, pakibisita ang [portal ng reklamo ng Office for Civil Rights \(OCR\)](#) upang maghain ng reklamo online.

Buod ng Pinal na Panuntunan

Ibinabalik ang mga tagapagbigay ng health insurance sa ilalim ng saklaw ng Seksyon 1557 (45 CFR 92.2, 92.4, at 92.207).

Ibinabalik at pinalalakas ng pinal na panuntunan ang aplikasyon ng Seksyon 1557 sa mga tagapagbigay ng health insurance na tumatanggap ng Pederal na tulong pinansyal. Sa pagkilala sa mahalagang papel na ginagampanan ng health insurance sa pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan, nagbibigay ang panuntunan ng malinaw na mga pamantayan sa kawalan ng diskriminasyon para sa industriya.

Ibinabalik ang aplikasyon ng Seksyon 1557 sa lahat ng programa at aktibidad sa kalusugan na pinangangasiwaan ng HHS (45 CFR 92.2(a)(2)).

Inilalapat ng panuntunan ang mga pamantayan sa kawalan ng diskriminasyon sa lahat ng programa at aktibidad sa kalusugan ng HHS. Nilimitahan ng Panuntunan ng 2020 ([85 Fed. Reg.](#)

[37160](#) (Hunyo 19, 2020)) ang saklaw ng mga kinakailangan sa kawalan ng diskriminasyon ng Seksyon 1557. Naniniwala ang Departamento na ang pagbibigay-kahulugan sa Seksyon 1557 na saklawin ang lahat ng programa at aktibidad sa kalusugan na pinangangasiwaan ng HHS ang pinakamahusay na pagbasa sa batas at ang nagpoprotekta sa mas maraming tao laban sa diskriminasyon sa malawak na hanay ng mga programa at aktibidad sa kalusugan ng Departamento, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga pinangangasiwaan ng Indian Health Service, Centers for Medicare & Medicaid Services, at National Institutes of Health.

Pinoprotektahan ang mga pasyenteng LGBTQI+ mula sa diskriminasyon at nililinaw ang pagbabawal ng 1557 sa diskriminasyon ng kasarian (45 CFR 92.101, 92.206).

Alinsunod sa posisyon ng Korte Suprema ng U.S. sa [Bostock v. Clayton County – PDF](#), pinagtatibay ng pinal na panuntunan na ang mga proteksyon laban sa diskriminasyon sa kasarian ay kinabibilangan ng mga proteksyon laban sa diskriminasyon batay sa oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang pangkasarian.

Nililinaw din ng pinal na panuntunan na ang diskriminasyon sa kasarian ay kinabibilangan ng diskriminasyon batay sa mga stereotype sa kasarian; mga katangiang pangkasarian, kabilang ang mga katangiang intersex; at pagbubuntis o mga kaugnay na kondisyon.

Inaatasan ang mga nasasaklaw ng panuntunan, kabilang ang mga tagapagbigay ng serbisyo, tagapagbigay ng insurance, at mga programang pinangangasiwaan ng HHS, na ipaalam sa mga tao na may magagamit na tulong at serbisyo sa wika (45 CFR 92.11).

Inaatasan ng pinal na panuntunan ang mga tumatanggap ng Federal na tulong pinansyal, mga programa at aktibidad sa kalusugan na pinangangasiwaan ng HHS, at mga Palitan na Pinangangasiwaan ng Estado at Federal na ipaalam sa mga tao na may magagamit na mga serbisyong tulong sa wika at mga auxiliary na tulong kung kinakailangan. Ang abiso ay dapat na ibigay sa Ingles at sa hindi bababa sa 15 pinakakaraniwang wika na sinasalita ng mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles (LEP) sa (mga) Estadong pinaglilingkuran. Upang matiyak ang epektibong komunikasyon, ang mga abiso na ito ay dapat na ipaalam sa mga indibidwal na may mga kapansanan nang kasing-epektibo ng mga ito sa mga indibidwal na walang mga kapansanan. Ang mga saklaw na entidad ay inaatasang ibigay ang mga abisong ito sa mga kilalang lokasyon kapwa sa pisikal na lokasyon at sa kanilang mga website, gawin itong available kapag hiniling, at isama ang mga ito sa isang partikular na listahan ng mga komunikasyon.

Inaatasan ang mga nasasaklaw ng panuntunan na gumawa ng mga hakbang upang matukoy at mapigilan ang diskriminasyon kapag gumagamit sila ng mga kasangkapan sa pagsuporta sa pagpapasya sa pangangalaga ng pasyente (45 CFR 92.210).

Isinasaad ng pinal na panuntunan na ang mga tatanggap ng Pederal na tulong pinansyal, mga programa at aktibidad sa kalusugan na pinangangasiwaan ng HHS, at mga Palitan na pinangangasiwaan ng Estado at Pederal ay hindi dapat magdiskrimina laban sa sinumang indibidwal batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan sa pamamagitan ng paggamit ng mga kasangkapan na sumusuporta sa pagpapasya sa pangangalaga sa pasyente, na kinabibilangan ng mga awtomatiko at hindi awtomatikong kasangkapan,

mekanismo, pamamaraan, at teknolohiya sa pagbibigay ng pangangalaga sa pasyente. Ang probisyong ito ay hindi inilaan para hadlangan ang paggamit ng mga naturang kasangkapan: Binabalanse nito ang tungkulin ng teknolohiya sa pagbabawas ng mga pagkakaiba-iba sa kalusugan at pagpapataas ng access sa pangangalaga na may pangangailangan para sa responsableng paggamit ng mga kasangkapang ito na hindi hahantong sa diskriminasyon sa pangangalaga ng pasyente. Inaatasan ng pinal na panuntunan ang mga nasasaklaw na tukuyin ang mga kasangkapang pansuporta sa pagdedesiyon sa pangangalaga ng pasyente na gumagamit ng mga input variable o dahilan na sumusukat sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan, at gumawa ng mga makatwirang pagsisikap upang mabawasan ang panganib ng diskriminasyon na maaaring magresulta mula sa paggamit ng mga naturang kasangkapan.

Inaatasan ang mga sakop ng panuntunan na ipatupad ang mga patakaran at pagsasanay sa kawani ng Seksyon 1557 (45 CFR 92.8-92.9).

Inaatasan ng pinal na panuntunan ang mga tatanggap ng Pederal na tulong pinansyal, mga programa at aktibidad sa kalusugan na pinangangasiwaan ng HHS, at mga Palitan na Pinangangasiwaan ng Estado at Pederal na ipatupad ang mga patakaran at pamamaraan upang matiyak ang pagsunod sa panuntunan. Sa partikular, ang mga sakop na entidad ay dapat na may mga patakaran para sa pagbibigay ng mga serbisyong tulong sa wika para sa mga taong may LEP at tiyakin ang epektibong komunikasyon at makatwirang mga pagbabago para sa mga taong may mga kapansanan. Kinakailangan din ng mga sakop na entidad na sanayin ang kanilang mga tauhan sa mga patakaran at pamamaraang ito. Ang mga kinakailangang ito ay makakatulong sa pagpapabuti ng pagsunod.

Nililinaw na nalalapat ang mga kahingian ng kawalan ng diskriminasyon sa mga programa at aktibidad sa kalusugan na ibinibigay sa pamamagitan ng mga serbisyo sa telehealth (45 CFR 92.211).

Ang pinal na panuntunan ay partikular na tumutugon sa kawalan ng diskriminasyon sa mga serbisyong telehealth. Nililinaw ng probisyong ito na ang mga tumatanggap ng Federal na tulong pinansyal, mga programa at aktibidad sa kalusugan na pinangangasiwaan ng HHS, at mga Marketplace na Pinapangasiwaan ng Estado at Federal ay hindi dapat magdiskrimina sa kanilang paghahatid ng mga programa at aktibidad sa kalusugan na ibinibigay sa pamamagitan ng mga serbisyong telehealth. Nangangahulugan ito ng pagtitiyak na naa-access ang mga naturang serbisyo ng mga indibidwal na may mga kapansanan at nagbibigay ng makabuluhang access sa programa sa mga taong may LEP.

Iginagalang ang mga federal na garantiya kaugnay ng kalayaan sa relihiyon at konsensya (45 CFR 92.3 at 92.302).

Isinasaad ng pinal na panuntunan na walang paggamit sa tuntunin ang kakailanganin kung lalabag ito sa mga proteksyon ng federal para sa kalayaan sa relihiyon at konsensya. Sa ilalim ng panuntunang ito, ang isang tumatanggap ng federal na tulong pinansyal ay maaaring umasa na lamang sa mga proteksyong iyon o humingi ng katiyakan sa kanila mula sa HHS OCR.

Abiso Tungkol sa Bahagi B ng Medicare bilang Pederal na tulong pinansyal.

Nagbibigay ang paggawa ng tuntuning ito ng abiso sa interpretasyon ng Departamento na ang mga pagbabayad ng Medicare Part B ay binubuo ng Federal na tulong pinansyal para sa layunin na pagkakasaklaw sa ilalim ng mga batas ng Federal sa mga karapatang sibil na ipinapatupad ng Departamento. Kabilang dito ang [Pamagat VI ng Civil Rights Act ng 1964](#), [Seksyon 504 ng Rehabilitation Act ng 1973](#), [Pamagat IX ng Education Amendments ng 1972](#), ang [Age Discrimination Act ng 1975](#), at Seksyon 1557 ng ACA. Nakakatugon ang mga pondo ng Medicare Part B sa kahulugan ng Pederal na tulong pinansyal sa ilalim ng batas, gaya ng tinukoy sa mga regulasyon para sa mga batas sa itaas. Naniniwala ang Departamento na ang mga nakaraang pagbibigay ng katwiran para sa pagbubukod ng Medicare Part B ay luma na dahil sa mga pagbabago sa batas at sa programa ng Medicare, at ang pagbabago sa patakaran ang pinakamahusay na pagbasa sa mga batas sa karapatang sibil dahil sa layunin at pagpapatakbo sa Medicare Part B na programa.

Ang Pinal na Panuntunan ay maaaring makita o mai-download sa: hhs.gov/1557